

Republic Act 9208

Isang Batas na nagtatakda ng mga polisiya upang masupil ang trafficking ng mga tao, lalo na sa mga bata at kababaihan at mga bata, nagtatatag ng mga kinakailangang mekanismong institusyonal para sa proteksyon at suporta sa mga biktima ng trafficking, nagtatakda ng kaparusahan sa paglabag sa batas na ito, at para sa iba pang layunin

Isinabatas ng Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas

Seksyon 1. Pamagat – Ang Batas na ito ay kikilalanin bilang “Anti-Trafficking Act of 2003”

Seksyon 2. Deklarasyon ng Pambansang Polisiya. Idinedeklara ng batas na ito na ang estado ay nagpapahalaga sa dignidad ng bawat tao at tinitiyak nito ang paggalang sa karapatan ng bawat tao. Alinsunod sa Polisiyang ito, ang Estado ay magbibigay ng pinakamataas na prioridad sa pagbalangkas ng mga alituntunin at pagbubuo ng mga programa na magtataas sa antas ng dignidad ng tao, pangangalaga laban sa banta ng karahasan at eksploitasyon; sugpuin ang trafficking in persons, at pagaanin ang mga nagtutulak sa mga biktima patungo sa di-kusang paglisan at pag-aalipin ng mga tao, hindi lang bilang suporta sa mga trafficked na tao, subalit ang mas mahalaga, ay matiyak ang kanilang muling pagbangon, rehabilitasyon, at maayos na pagsaping muli sa lipunan.

Magiging polisiya ng Estado na kilalanin ang pantay na karapatan at ang taglay na dignidad ng kababaihan at kalalakihan na nakasaad sa United Nations Declaration on Human Rights, United Nations Convention on the Rights of the Child, at iba pang mga conventions ng United Nations, iba pang mga kaugnay tanggap ng mga instruments tungkol sa human rights, at iba pang mga conventions, o kasunduang internasyonal na kung saan ang Pilipinas ay isa sa mga Estadong punirma.

Seksyon 2. Pagkakahulugan (Definition of Terms). Sa ilalim ng Batas na ito ...

- (a) Trafficking in Persons – ay tumutukoy sa pag-recruit, paglilikas, paglipat, pagtatago, o pagtanggap ng mga tao, maging payag man o alam ng biktima o hindi, sa loob at labas ng pambansang hangganan, sa pamamagitan ng pagbabanta o paggamit ng puwersa, o iba pang urin ng pamimilit, pagtangay o abduction, pamemeke, panloloko, pang-aabuso sa kapangyarihan o katungkulan, pagsasamantala sa likas na kahinaan ng isang tao, o ang pagbibigay o pagtanggap ng kabayaran o iba pang benepisyo upang makamit ang pagpayag ng isang taong may kontrol sa isa pang tao, para sa eksploitasyon, na kasama subalit hindi lamang para sa eksploitasyon, prostitusyon o sekswal na eksploitasyon, sapilitang pagpapatrabaho o pagbibigay ng serbisyo, pang-aalipin, pang-aalila, o ang pagtanggapal o pagbenta ng mga bahagi ng katawan ng mga tao

Ang paggamit, paglilipat, paglilikas, pagtatago, o pagtanggap ng isang bata para sa eksploitasyon ay tatanghalin ding “trafficking in persons” kahit na ito ay isinagawa nang wala ang mga kaparaanang nakasaad sa naunang talata.

- (b) Bata- ay tumutukoy sa taong wala pang 18 tong gulang o sa taong lampas na sa 18 taong gulang subalit dahil sa kapansanan sa kundisyon ng kanyang pag-iisip o ng katawan, ay walang kakayahang pangalagaan ang kanyang sarili laban sa abuso, pagpapabaya, kalupitan, eksploitasyon, o diskriminasyon.
- (c) Prostitusyon – ay tumutukoy sa gawain, transaksyon, o kaparaanan na kung saan ginamit ng isang tao ang isa pang tao sa pakikipagtalik o iba pang malaswang gawain kapalit ng pera, kita, o iba pang uri ng kabayaran
- (d) Sapilitang Pagtatrabaho o Pang-aalipin – tumutukoy sa pagpapatrabaho o pagkuha/paggamit ng serbisyo mula sa isang tao sa pamamagitan ng pang-aakit o pang-eenganyo, karahasan, intimidasyon, pagbabanta, o pamimilit kasama na ang pag-alis sa kanyang kalayaan, o moral ascendancy, pagkakatali dahil sa utang, o panloloko
- (e) Sex Tourism – ay tumutukoy sa isang programang binuo ng isang establisimento o ng mga indibidwal na may kaugnayan sa paglalakbay o turismo na kung saan kasama sa programa ang mga packages o mga gawain na gumagamit at nag-aalok ng mga escort services o mga serbisyong sekswal bilang pang-akit sa mga turista. Kasama din ang mga serbisyong sekswal na inaalok bilang bahagi ng rest and recreation ng mga kasapi ng Sandatahang Lakas.
- (f) Sexual Exploitation – ay tumutukoy sa partisipasyon ng isang tao sa prostitusyon o sa paggawa ng mga malalaswang material bilang produkto bilang resulta ng pagbabanta, panloloko , pamimilit, pagtangay o abduction, paggamit ng lakas o puwersa, pagkakatali dahil sa utang, o sa pamamagitan ng pagsasamantala sa likas na kahinaan ng biktima
- (g) Debt Bondage o Pagkakatali sa Utang – ay tumutukoy sa pagpapangako ng isang taong may utang ng kanyang personal na serbisyo o kanyang trabaho o ng mga taong kanyang nasasakupan o kung saan mayroon siyang direktang kontrol, bilang seeguridad o kabayaran sa kanyang pagkakautang, kung saan ang haba o uri ng serbisyo ay hindi malinaw na natukoy, o kung ang itinatayang halaga base sa patas na pagtutuos ng kanyang serbisyo ay hindi nagagamit upang tuluyang mabayaran ang pagkakautang.
- (h) Pornograpiya – ay tumutukoy sa pagpapakita ng isang taong nagsasagawa ng tunay o makatotohanang gawaing sekswal o ng sekswal na bahagi ng katawan ng tao para sa layuning sekswal gamit ang paglilimbag, public viewing, cinematography o pelikula, malalaswang pagtatanghal, o information technology
- (i) Council – tumutukoy sa Inter-Agency Council Against Trafficking na nilikha sa ilalim ng Seksyon 20 ng batas na ito

Seksyon 4. Mga Akto ng Trafficking in Persons. Labag sa batas para sa kahit na sinong tao, maging natural man o juridical, ang gawin ang kahit na ano sa mga sumusunod:

- (a) ang mag-recruit, maglikas, maglipat, kumupkop, magbigay, o tumanggap ng tao sa kahit na anong paraan, kasama na doon ang mga isinagawa na kaugnay ng

- trabaho, pagsasanay, o apprenticeship, sa loob o labas ng bansa, para sa eksploitasyon, prostitusyon o sekswal na eksploitasyon, sapilitang pagpapatrabaho o pagbibigay ng serbisyo, pang-aalipin, pang-aalila, o ang pagtanggap o pagbenta ng mga bahagi ng katawan ng mga tao
- (b) Ang ipakilala o itugma bilang kapalit ng pera, kita, o kahit na anong konsiderasyon ang kahit na sinong tao, o ayon sa probisyon ng Republic Act 6958, kahit na sinong Pilipina sa isang banyaga, para ikasal at magamit, mabili, mai-alok, mai-benta, o makalakal siya para sa eksploitasyon, prostitusyon o sekswal na eksploitasyon, sapilitang pagpapatrabaho o pagbibigay ng serbisyo, pang-aalipin, pang-aalila, o ang pagtanggap o pagbenta ng mga bahagi ng katawan ng mga tao
 - (c) Ang mag-alok o kumontrata ng kasal, tunay man o hindi, para makuha, mabili, mai-alok, maibenta, o makalakal sila para sa eksploitasyon, prostitusyon o sekswal na eksploitasyon, sapilitang pagpapatrabaho o pagbibigay ng serbisyo, pang-aalipin, pang-aalila, o ang pagtanggap o pagbenta ng mga bahagi ng katawan ng mga tao
 - (d) Ang magsagawa o mag-organisa ng mga tour o travel plans na mayroong mga tourism packages o mga gawain na may layuning gumamit o mag-alok ng mga tao para sa prostitusyon, pornograpiya, o eksploityong sekswal
 - (e) Ang umupa ng isang tao para sa prostitusyon, eksploityong sekswal, o pornograpiya
 - (f) Ang mag-ampon o tumulong magpadaloy ng pag-aampon ng mga tao upang gamitin sa eksploitasyon, prostitusyon o sekswal na eksploitasyon, sapilitang pagpapatrabaho o pagbibigay ng serbisyo, pang-aalipin, pang-aalila, o ang pagtanggap o pagbenta ng mga bahagi ng katawan ng mga tao
 - (g) Ang mag-recruit, mag-hire, mag-ampon, maglikas, o magtangay ng isang tao sa pamamagitan ng pag-gamit ng pananakot, pag-gamit ng dahas o puwersa, pamemeke, panloloko, dahas, pamimilit, o intimidasyon para sa pagtatanggal at pagbebenta ng mga bahagi ng katawan ng naturang tao
 - (h) Ang mag-recruit, mag-likas o mag-ampon ng bata upang gamitin bilang bahagi ng sandatahang mga gawain sa loob o labas ng Pilipinas

Seksyon 5. Mga Aktong Pagtulong sa Trafficking in Persons. Ang mga sumusunod na akto na tumutulong upang maitaguyod o mapadali ang trafficking in persons ay labag sa batas

- (a) Ang ipa-upa, ipagamit, pumayag sa paggamit ang kahit na anong bahay, gusali, o establisimento kahit na batid na ang mga ito ay gagamitin upang makatulong sa trafficking in persons
- (b) Ang lumikha, mag-imprensa, mag-lathala, at maglabas o magpamahagi ng mga hindi pa naipalalabas, nabago, o napekeng nga counseling certificates, registration stickers, at iba pang mga dokumento galing sa mga ahensya ng pamahalaan na naglalabas ng mga ito bilang patunay sa pagsunod sa mga regulasyon ng pamahalaan o sa mga pre-departure requirements sa layuning makatulong sa pagsasagawa ng trafficking in persons

- (c) Ang magpatalastas, magpalathala, magpa-imprenta, magpa-pahayag, o magpamahagi, o di kaya ay maging kasangkapan sa pagpapatalastas, pagpapalimbag, pagpapa-hayag o pagpapamahagi sa kahit na anong paraan, kasama na dito ang paggamit ng information technology o internet, kahit na anong brochure o flier, o kahit na anong propaganda material na nagtataguyod sa trafficking in persons
- (d) Ang tumulong sa pagpapanggap o pamemeke sa layuning mapadali ang pagkuha ng mga clearances at iba pang mga exit documents galling sa mga ahensya ng pamahalaan na inatasang magpatupad ng mga pagtatala bago lumisan ng bansa at magbigay ng mga serbisyo sa mga taong palabas ng bansa upang makatulong sa pagsasagawa ng trafficking in persons
- (e) Ang magpadaloy, magpadali, o magbigay ng tulong sa paglabas at pagpasok galing o papunta sa bansa at sa mga internasyunal at lokal na mga paliparan, territorial boundaries, at mga daungan ng mga taong tangan ang mga di-pa naipapalabas, binago, o pinekeng mga dokumento para sa pagtataguyod ng trafficking in persons
- (f) Ang kumpiskahin, itago, o sirain ang pasaporte, dokumentong pambiyahe, o mga personal na dokumento o pag-aari ng mga taong biktima ng trafficking bilang pagtulong sa pagtataguyod sa trafficking o upang mapigilan ang mga biktima upang tumakas at humingi ng tulong mula sa pamahalaan o iba pang mga ahensya
- (g) Ang makinabang, pinansyal man o sa iba pang paraan, o gumamit ng trabaho o serbisyo ng isang tao na batid na ang naturang tao ay natatali sa kundisyon ng di-kusang paninilbihan, sapilitang pagtatrabaho, o pang-aalipin

Seksyon 6, Qualified Trafficking in Persons. Ang sumusunod ay maituturing na Qualified Trafficking in Persons

- (a) Kung ang biktima ng trafficking ay isang bata
- (b) Kung ang pag-aampon sa biktima ng trafficking ay isinagawa sa ilalim ng RA 8043 at kung ang naturang pag-aampon ay para sa prostitusyon, pornograpiya, eksploitasyong sekswal, at iba pa
- (c) Kapag ang krimen ay isinagawa ng isang sindikato o sa malawakang paraan. Masasabing ang krimen ng trafficking ay isinagawa ng isang sindikato kung ito ay isinakatuparan ng isang grupong may tatlo o higit pang mga taong nagkukuntsabahan o may conspiracy sa isa't isa. Ito ay masasabing isinagawa sa pangmalawakang paraan o "large scale" kung ito ay isinakatuparan laban sa tatlo o higit pang mga biktima, maging bilang mga hiwalay na indibidwal o bilang iisang grupo.
- (d) Kung ang nagkasala isang nakatatandang kamag-anak, magulang, kapatid, guardian, o isang tao na mayroong awtoridad sa biktima ng trafficking o kung ang pagkakasala ay isinagawa ng isang pampublikong opisyal o kawani ng pamahalaan
- (e) Kung ang trafficked person ay ni-recruit upang gamitin sa prostitusyon para sa kahit na sinong kasapi ng militar o mga ahensyang naatasang magpatupad ng batas

- (f) Kung ang nagkasala ay kasapi ng militar o mga ahensyang naatasang magpatupad ng batas
- (g) Kung dahil sa akto ng trafficking, ang biktima ay namatay, nawalan ng bait o nasiraan ng isip, nasailalim sa mutilisasyon, o nagkasakit ng HIV/AIDS

Seksyon. Confidentiality. Sa kahit na anong bahagi ng imbestigasyon, pagsasakdal, o paglilitis ng mga pagkakasala sa ilalim ng batas na ito, ang mga ahensya ng pamahalaan na nakatakdang magpatupad ng batas na ito, ang mga naglilitis, prosecutors, huwes, mga tauhan ng korte, at mga medical practitioners, kasama na ang mga partido sa kaso, ay kikilalanin ang karapatan sa privacy ng biktima at ng nasasakdal. Alinsunod sa layuning ito, ang mga ahensyang nakatakdang magpatupad ng mga batas, ang prosecutors, at mga huwes na humahawak sa kaso, kapag napag-alaman na kinakailangan uang matiyak ang isang patas at walang kinikilingang paglilitis at matapos matanto ang pinakamabuti para sa lahat ng partido, ay ipag-uutos ang isang “closed-door” na pagsisyasat o imbestigasyon, pagsasakdal, o paglilitis. Ang pangalan at iba pang personal na kalagayan ng biktima at ng nasasakdal o iba pang mga impormasyon na magtuturo sa tunay na katauhan, sitwasyon, o impornasyon ay hindi ilalabas para sa kaalaman ng publiko.

Sa mga kaso na kung saan ang pagsasakdal at paglilitis ay “closed door”, labag sa batas para sa sino mang patnugot, taga-lathala, at taga-ulat o kolumnista sa kaso mg mga lathalain, mamamahayag o producer para sa telebisyon o radyo, producer o direktor para sa mga pelikula, o sino mang tao na gumagamit ng mga pasilidad o kagamitan ng tri-media o information technology ang maging kasangkapan sa kahit na anong kaso ng trafficking in persons.

Seksyon 8. Pagsasakdal ng mga Kaso. Kahit na sinong tao na may personal na kaalaman tungkol sa mga paglabag sa ilalim ng batas na ito, ang mga biktima ng trafficking, ang kanilang mga magulang, asawa, kapatid, o legal guardian ay maaring magsampa ng reklamong trafficking

Seksyon 9. Venue o kung saan maaaring isampa ang mga kaso. Ang isang aksyong kriminal na galing sa paglabag sa batas na ito ay isasampa kung saan ang paglabag ay isinasagawa o kung saan naganap ang kahit na anong elemento ng trafficking o kung saan nakatira ang biktima ng trafficking nang panahong naganap ang pagkakasala; kailangan lamang na ang korte na kung saan unang isinampa ang kriminal na kaso ay aangkinin ang eksklusibong jurisdiction sa kaso.

Seksyon 10. Mga Parusa. Itinatakda ang sumusunod na mga kaparusahan para sa mga pagkakasala sa ilalim ng batas na ito.

- (a) Ang sinumang tao na napatunayang nagkasala sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga aktong nakatakda sa Seksyon 4 ng batas na ito ay paparusahan ng pagkakakulong ng 20 taon at multang hindi bababa sa Isang Milyong Piso subalit hindi lalampas sa Dalawang Milyong Piso
- (b) Ang sinumang tao na napatunayang nagkasala sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga aktong nakatakda sa Seksyon 5 ng batas na ito ay paparusahan ng

- pagkakakulong ng 15 taon at multang hindi bababa sa Limang Daan Libong Piso subalit hindi lalampas sa Isang Milyong Piso
- (c) Ang sinumang tao na napatunayang nagkasala sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga aktong nakatakda sa Seksyon 6 ng batas na ito ay paparusahan ng habambuhay na pagkakakulong at multang hindi bababa sa Dalawang Milyong Piso subalit hindi lalampas sa Limang Milyong Piso
 - (d) Ang sinumang tao na lalabag sa Seksyon 7 ay paparusahan ng anim na taong pagkakabilanggo at multa na hindi bababa sa Limang Daang Libong Piso subalit hindi lalagpas sa Isang Milyong Piso
 - (e) Kung ang nagkasala ay isang korporasyon, partnership, asosasyon, club, establimento, o kahit na anong may pagkataong juridical, ang kaparusahan ay ipapataw sa may-ari, pangulo, partner, tagapamahala, o kahit na sinong responsableng opisyal na kasali sa paggawa ng krimen o pinayagan o hindi gumawa ng hakbang upang pigilan ang krimen
 - (f) Ang rehistrasyon o pagkakatala sa Securities and Exchange Commission (SEC) ng nagkasalang ahensya, korporasyon, grupong pang-relihiyon, tour o travel agent, club, o establimento, o kahit na anong lugar na pang-libangan ay permanenteng kakanselahin. Ang may-ari, pangulo, partner, o tagapamahala ay hindi papahintulatang magtatag at magpamahala ng katulad na establimento kahit gamit ang iba pang pangalan
 - (g) Kung ang nagkasala ay isang dayuhan, siya ay agarang ibabalik sa bansang kanyang pinanggalingan matapos pagsilbihan ang kanyang sentensya o kaparusahan at permanenteng pagbabawalang muling makapasok sa bansa
 - (h) Ang kahit na sinong kawani o opisyal ng pamahalaan na magbibigay, magpapalabas, opahihintulutan ang pagbibigay ng travel exit clearances, pasaporte, registration certificates, counseling certificates, marriage license, at iba pang mga kahalintulad na mga dokumento sa mga tao, natural man o juridical, recruitment agencies, establimento, indibidwal man o grupo, na hindi alinsunod sa mga itinakdang hakbangin o proseso ng mga batas, alituntunin at mga regulasyon ay may pananagutang administratibo na hindi makakaapekto sa kanyang pananagutang kriminal sa ilalim ng batas na ito.

Ang naturang opisyal o kawani ng pamahalaan kapag napatunayang may pagkakasala ay tatanggalin sa serbisyo at permanenteng pagbabawalang humawak ng pampublikong posisyon o katungkulan. Ang kanyang mga benepisyo, katulad ng retirement at iba pang kahalintulad na banepisyo, ay mapapawalang halaga.

- (i) Kapag tuluyang napatunayan na nagkasala ang isang nag-ampon sa kahit na anong pagkakasala sa ilalim ng batas na ito, ito ay magiging sanhi ng permanenteng pagpapa-walang bisa sa pag-aampon nito

Seksyon 11. Paggamit ng taong biktima ng trafficking. Ang sinumang tao na bumili o gumamit ng serbisyo ng isang biktima ng trafficking ay papatawan ng sumusunod na kaparusahan.

- (a) Unang paglabag – anim na buwan ng community service na maaaring itakda ng korte at multa ng P50,000
- (b) Pangalawa at mga susunod pang mga paglabag – pagkakakulong ng isang taon at multa ng Isang Daang Libong Piso

Seksyon 12. Prescriptive Period. Ang mga kaso ng trafficking sa ilalim ng batas na ito ay may prescriptive period na sampung taon. Subalit kapag ang kaso ng trafficking ay isinagawa ng isang sindikato o sa pangmalawakang paraan sa ilalim ng Seksyon 6, ang mga kasong ito ay may prescriptive period na 20 taon.

Ang prescriptive period ay magsisimula sa araw na kung saan ang taong biktima ng trafficking ay nailigtas mula sa kundisyon ng pagkakatali dulot ng trafficking at mahihinto kapag pormal nang naisampa ang reklamo at magsisimula ulit kapag ang imbestigasyon o paglilitis ay nahinto nang hindi nahahatulan o napapawalang sala ang nasasakdal, o kaya ay natigil sa kadahilanang hindi katanggap-tanggap, na ang pagpigil ay hindi maaaring isisi sa nasasakdal.

Seksyon 13. Pagkumpiska at Pag-iilit ng mga kinita at instrumentong galing o ginamit sa trafficking in persons. Dagdag pa sa mga kaparusahang ipinapataw sa paglabag sa batas na ito, iuutos ng korte ang pagkumpiska at pag-iilit, sa pabor ng pamahalaan, ang lahat ng mga kinita at mga ari-arian na produkto ng pagsasagawa ng krimen, bukod na lang kung ito ay ari-arian ng iba na walang pananagutan sa aktong labag sa batas. Subalit ang lahat ng mga bayad para sa mga danyos perwisyos ay kukunin mula sa personal at hiwalay na mga ari-arian ng nagkasala. Subalit kapag ang mga naturang ari-arian ay kulang, ang kakulangan ay kukunin mula sa mga nakumpiska at nailit na mga ari-arian.

Kung ang mga kinita o mga ari-arian at ang mga instrumento ay sinira, binawasan ng halaga, o kaya ay tuluyan nang nawalan ng halaga dahil sa kagagawan o kapabayaan ng nasasakdal, direkta man o hindi, o di kaya ay itinago, inalis, ipinagpalit, o inilipat upang hindi ito makita upang maiwasan ang pagkakumpiska o pagka-ilit, ang nagkasala ay pagbabayaran ng halagang katumbas ng kinita, ng ari-arian, o ng instrumento ng pagkakasala.

Seksyon 14. Trust Fund. Ang lahat ng mga multa na ipinataw sa ilalim ng batas na ito at ang mga kinita at ari-arian na na-ilit o nakumpiska alinsunod sa Seksyon 14 ay mapupunta sa isang trust fund na pamamahalaan ng Council na gagamiting lamang para sa mga programa para maagapan at masawata ang trafficking at magbibigay ng proteksyon, rehabilitasyon, at muling pagsanib ng biktima sa lipunan. Kasama dito, subalit hindi limitado, ang mga sumusunod na programa: (a) pagbibigay ng mga serbisyong itinakda sa Seksyon 23 ng Batas na ito; (b) pagbibigay suporta sa mga programa para sa pambansang saliksik tungkol sa trafficking at para sa pagtatayo ng isang sistema ng pagkalap ng mga datos para sa pagtatasa ng mga programa; (c) pagbibigay ng kinakailangang teknikal o materyal na suporta sa mga angkop na ahensya ng pamahalaan o mga NGOs; (d) pagbibigay ng suporta ng mga pagtitipon at mga pagsasanay upang magbigay ng pagkakataon upang magkaroon ng pagkakasundo sa pagitan ng publiko, academe, pamahalaan, NGOs, ang mga organisasyon na

internasyunal, at; (e) pagtataguyod ng kampanya para sa impormasyon at edukasyon tungkol sa trafficking.

Seksyon 16. Mga Programang Tutugon sa Trafficking in Persons. Ang pamahalaan ay magtatag at magpapatupad ng mga programa para maagapan, mapangalagaan, at maibangon muli ang mga biktima ng trafficking. Para matupad ang layunin na ito, ang mga sumusunod na ahensya ay inaatasang magpapatupad ng mga sumusunod na programa:

- (a) DFA – ay gagawing bukas ang kanilang mga pasilidad sa labas ng bansa para sa mga biktima ng trafficking anuman ang naging paraan ng biktima upang makapasok sa tumanggap na bansa at maghanap ng paraan upang lalong mapabuti ang tulong na kanilang ibinibigay upang tuluyang masugpo ang mga gawain ng trafficking sa pamamagitan ng mas malapit na pakikipagtulungan sa iba pang mga ahensya ng pamahalaan, sa loob o labas man ng Pilipinas, partikular na sa paggawa ng mga polisiya at pagpapatupad ng mga naangkop na programa. Ang DFA ay gagawa ng kaukulang mga hakbang para sa epektibong pagpapatupad ng Machine Readable Passports para pangalagaan ang integridad ng pasaporte ng Pilipinas, mga visa, at iba pang mga travel documents upang mabawasan ang insidente ng trafficking sa pamamagitan ng paggamit ng mga pekeng identification documents. Ito rin ay magtatayo at magpapatupad ng mga programang on-site upang magpayo sa kasal sa pagitan ng Pilipino at mga dayuhan bago maganap ang kasal at bago lumabas ng bansa.
- (b) DSWD – ay magpapatupad ng programang magpapatatag at mangangalaga sa mga biktima ng trafficking. Ito ay magbibigay ng programang magpapayo at panandaliang tirahan para sa mga biktima ng trafficking at magbubuo ng isang sistema para sa akreditasyon ng mga NGOs para sa pagpapatayo ng mga sentro at mga programa para maagapan at masawata ang trafficking sa iba't ibang antas sa komunidad.
- (c) DOLE – ay titiyak sa mahigpit na pagpapatupad at pagpapasunod sa mga batas at mga alituntunin tungkol sa pagtatrabaho ng mga tao sa loob o labas ng bansa. Ito rin ay titingin at magbabantay, magtutulak, at mag-uulat ng mga kaso ng trafficking ng mga nagpapatrabaho (employers) at recruiters.
- (d) DOJ – ay titiyak sa prosekusyon o pagsasakdal ng mga taong inaakusahan ng trafficking at magtatalaga at magsasanay ng mga special prosecutors na siyang hahawak at magsasakdal ng mga kaso ng trafficking.
- (e) National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW) – ay aktibong sasali at makikipag-tulungan sa mga iba pang mga ahensya ng pamahalaan para sa pagbabalangkas at pagbabantay sa mga polisiya para matugunan ang isyu ng trafficking. Ito rin ay magsusulong para sa pagkakasali ng mga isyu ng trafficking sa mga pambansa at internasyunal na mga kampanya na nagsusulong sa mga isyu ng kababaihan.
- (f) Bureau of Immigration – ay mahigpit na pamamahalaan at ipapatupad ang mga batas tungkol sa imigrasyon at pamamahala ng mga dayuhan. Ito ay gagawa ng mga hakbangin para sa paghuli ng mga pinaghihinalaang traffickers sa mga lugar na para sa pagdating at paglisan at titiyakin din nito ang pagsunod ng mga

- Filipino na asawa ng mga banyaga sa mga itinatakhang guidance at counseling requirements ng Batas na ito.
- (g) Philippine National Police – ay ang pangunahing ahensyang tagapagpatupad ng batas na magsasagawa ng pagbabantay, imbestigasyon, at pag-aresto sa mga taong pinaghihinalang traffickers. Ito ay malapit na makikipagtulungan sa mga iba pang ahensya ng tagapagpatupad ng batas upang matiyak ang sama-samang gawain para sa epektibong pag-iimbestiga at pag-aresto sa mga pinaghihinalang traffickers. Ito rin ay magtatatag ng isang sistema para sa pagtanggap ng mga reklamo at mga tawag para tulungan ang mga biktima ng trafficking at magsagawa ng mga operasyon upang iligtas ang mga ito
 - (h) Philippine Overseas Employment Administration – ay magpapatupad ng mga epektibong pre-employment orientation seminars at mga pre-departure counseling programs sa mga aplikante para magtrabaho sa labas ng bansa. It rin ay gagawa ng isang sistema para sa pagbibigay ng libreng tulong na legal sa mga biktima ng trafficking
 - (i) Department of Interior of Local Government – ay bubuo at magpapatupad ng isang sistematikong kampanya para maagapan ang trafficking at mapalaganap ang kaalaman tungkol dito at mangangasiwa rin ng isang databank para sa epektibong pagbabantay, pag-dokumento, at pagsasakdal ng mga kaso ng trafficking.
 - (j) Local Government Units – ay magbabantay at magsasagawa ng dokumentasyon ng mga kaso ng trafficking sa mga lugar na kanilang nasasakupan, kanselahin ang lisensya ng mga establisimento na lumabag sa mga probisyon ng Batas na ito at tiyakin ang epektibong pagsasakdal ng mga naturang kaso. Ito rin ay magsasagawa ng isang kampanya para mapalaganap ang mga kaalaman laban sa trafficking sa pamamagitan ng pagtatayo ng Migrants Advisory and Information Networks (MAIN) desks sa mga munisipalidad at mga probinsya sa pakikipagtulungan sa DILG, Philippine Information Agency (PIA), Commission on Filipino Overseas, NGOs, at iba pang mga ahensya ng pamahalaan. Sila ay maghihikayat at susuporta sa mga gawain sa komunidad na tutugon sa trafficking in persons.

Sa pagpapatupad ng Batas na ito, ang mga ahensya ng pamahalaan ay maaaring humiling ng tulong mula sa mga NGOs, People Organizations (PO), mga civic organizations, at iba pang mga grupo ng volunteer.

Seksyon 17. Proteksyong Legal Para sa mga Biktima ng Trafficking. Ang mga taong biktima ng trafficking ay kikilalanin bilang mga biktima at dahil dito sila ay hindi papatawan ng parusa para sa mga krimeng kaugnay ng mga akto ng trafficking na nasasaad sa Batas na ito o bilang pagsunod sa mga utos ng trafficker. Sa ganitong mga kaso, ang pagpayag ng biktima sa eksploitasyon na nakasaad sa Batas na ito ay hindi mahalaga.

Seksyon 18. Karapatan na Mapasailalim sa Witness Protection Program. Ang mga taong biktima ng trafficking ay may karapatang sumailalim sa Witness Protection Program, maging taliwas man o hindi sa mga probisyon ng RA 6981.

Seksyon 19. Mga Mamamayan ng ibang bansa na biktima ng trafficking. Depende sa mga patakaran at alituntunin na ipalalabas ng Council, ang mga biktima ng trafficking sa Pilipinas na mamamayan ng ibang bansa ay may karapatan din sa angkop na proteksyon, pagtulong, at mga serbisyong nakalaan para sa mga biktima ng trafficking sa ilalim ng Batas na ito. Sila ay pahihintulatang patuloy na manirahan sa Pilipinas sa loob ng panahon na itinakda ng Council na kinakailangan upang masakdal ang mga nagkasala.

Seksyon 20. Ang Inter-Agency Council Against Trafficking. Itinatag ng Batas na ito ang isang Inter-Agency Council Against Trafficking, na binubuo ng Kalihim ng DOJ bilang Chairperson, ng Kalihim ng DSWD bilang Co-Chairperson, at ng mga sumusunod na mga kasapi.

- (a) Kalihim, Department of Foreign Affairs
- (b) Kalihim, Department of Labor and Employment
- (c) Tagapangasiwa, Philippine Overseas Employment Agency
- (d) Commissioner, Bureau of Immigration
- (e) Director-General, Philippine National Police
- (f) Chairperson, National Commission on the Role of Filipino Women
- (g) Tatlong kinatawan mula sa NGOs, na ang magiging kasapi ay tig-isang (1) kinatawan mula sa mga sektor na kumakatawan sa mga kababaihan, overseas Filipino workers (OFWs), at mga bata na subok ang pakikilahok sa pagpigil at pagsawata ng trafficking in persons. Ang mga kinatawan na ito ay nominated ng mga ahensyang kinatawan ng Council, upang hirangin ng Pangulo ng Pilipinas sa tatlong taong panunungkulan

Ang mga kasapi ng Council ay maaaring magtalaga ng permanenteng kinatawan na mayroong katungkulan hindi bababa sa antas ng Assistant Secretary o katumbas na ranggo sa mga pagpupulong, at tatanggap ng mga benepisyo na itatakda ng Council ayon sa mga patakaran at alituntunin tungkol sa budget at accounting.

Seksyon 21. Ang Katungkulan ng Council. Ang Council ay mayroong ng mga sumusunod na katungkulan at kapangyarihan:

- (a) Magbalangkas ng isang komprehensibo at magkaugnay na programa upang agapan, masawata, at mapigil ang trafficking in persons
- (b) Magpalabas ng mga kinakailangang patakaran at alituntunin para sa epektibong pagpapatupad ng batas na ito
- (c) Bantayan at pamahalaan ang mahigpit na pagpapatupad ng batas na ito
- (d) Ipag-ugnay ang mga programa at mga proyekto ng iba't ibang mga kasaping ahensya upang epektibong matugunang ang mga isyu at mga problemang kaakibat ng trafficking in persons
- (e) Ipag-ignay ang pagsasagawa ng malawakang kampanya upang magpapakalat ng impormasyon tungkol sa Batas na ito at ang mga iba't ibang isyu at mga problema ng trafficking sa pamamagitan ng mga Local Government Units, iba pang mga ahensya ng pamahalaan, at mga NGOs

- (f) Atasan ang ibang mga ahensya na agarang tugunan ang mga problemang idinudulog sa kanilang mga atensyon at mag-ulat sa konseho tungkol sa mga aksyong kanilang isinagawa
- (g) Tumulong sa pagsasampa ng kaso laban sa mga tao, ahensya, mga institusyon o mga establisimento na lumalabag sa mga probisyon ng Batas na ito
- (h) Magbalangkas ng isang programa para sa muling pagsanib ng biktima sa lipunan sa pakikipagtulungan sa DOLE, DSWD, TESDA, CHED, LGUs, at NGOs
- (i) Mangalap mula sa mga departamento, kagawaran, opisina, ahensya, or iba pang mga galamay ng pamahalaan o galing sa mga NGOs at iba pang mga civic organizations ng mga tulong na kailangan upang epektibong maipatupad ang Batas na ito
- (j) Palakasin ang shared government information system para sa migration na itinatag sa ilalim ng RA 8042, o ang “Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995” sa pamamagitan ng mga datos tungkol sa mga kaso ng trafficking at sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga kinaukulang ahensya ay nagsasagawa ng isang tuloy-tuloy na pananaliksik at pag-aaral tungkol sa mga kalakaran sa trafficking in persons na isyang magiging batayan para sa pagbabalangkas ng mga polisiya at pagbibigay ng direksyon sa mga programa
- (k) Gumawa ng mga mekanismon upang matiyak na nasa takdang oras, may koordinasyon, at epektibo ang mga tugon sa mga kaso ng trafficking in persons
- (l) Mag-panukala ng mga hakbangin upang matiyak ang magkaka-ugnay na mga gawain at pakikipagtutulungan sa ibang mga bansa sa pamamagitan ng mga kasunduang bilateral o multilateral upang maagapan at masawata ang internasyunal na trafficking in person
- (m) Makipag-ugnayan sa Department of Transportation and Communications (DOTC), Department of Trade and Industry (DTI), at iba pang NGOs upang mabantayan ang pagpapalaganap ng mga patalastas tungkol sa trafficking sa internet
- (n) Magsagawa ng mga hakbangin at bumalangkas ng mga polisiya upang mapangalagaan ang mga karapatan at ang mga pangangailangan ng mga mamamayan ng ibang bansa na biktima ng trafficking sa Pilipinas
- (o) Magpasimula ng mga pagsasanay para sa pagtukoy and pagbibigay ng kinakailangang mga tulong at interbensyon para sa mga taong biktima ng trafficking
- (p) Gamitin ang lahat ng kapangyarihan at gawin ang iba pang mga katungkulan na kinakailangan upang makamit ang layunin at ang adhikain ng Batas na ito

Seksyon 22. Ang Secretariat ng Council. Ang DOJ ay inaatasang magtatag ng kinakailangang Secretariat para sa Council

Seksyon 23. Mga Itinatakdang Serbisyo para sa mga Biktima ng Trafficking. Upang matiyak ang pag-galing, rehabilitasyon, at ang matagumpay na muling pagsanib ng mga biktima sa lipunan, ang mga kaukulang ahensya ng pamahalaan ay gagawing bukas ang mga sumusunod na serbisyo para sa mga bitkima ng trafficking

- (a) Emergency shelter o panandaliang bahay tuluyan

- (b) Counseling
- (c) Libreng serbisyong legal, kasama na dito ang pagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga karapatan ng biktima at ang proseso para sa pagsasampa ng reklamo, pagkuha ng akmang kabayaran, at iba pang mga legal na tugon na maaari nilang magamit, sa wika na naiintindihan ng taong biktima ng trafficking
- (d) Serbisyong medical o psychological
- (e) Tulong pang-edukasyon sa batang biktima ng trafficking

Gagawa at magpapatupad din ng mekanismo para sa patuloy na supervision at follow-through na siyang titingin sa progreso ng pag-galing ng biktima ng trafficking.

Seksyon 24. Iba pang serbisyo para sa taong biktima ng trafficking

- (a) Suportang Pang-legal – Ang mga taong biktima ng trafficking ay tatanghaling nasa ilalim ng kategoryang “Overseas Filipino in Distress” at maaaring makatanggap ng suportang pang-legal na itinakda sa ilalim ng RA 8042, batay sa mga patakaran at alituntunin na itinakda ng batas
- (b) Overseas Filipino Resource Centers – Ang mga serbisyong bukas para sa mga Filipino na nasa labas ng bansa na itinakda ng RA 8042 ay gagawing bukas din para sa mga taong biktima ng trafficking, maging ano pa man ang kanilang immigration status sa bansang kanilang tinutuluyan
- (c) Ang Country Team Approach – Ang Country Team Approach sa ilalim ng EO 74 ng 1993 ang siyang magiging skemang operasyunal na kung saan ang mga embahada ng Pilipinas sa ibang bansa ay magbibigay ng proteksyon sa mga taong biktima ng trafficking para sa proteksyon ng kanilang kagalingan, dignidad, at batayang karapatan

Seksyon 25. Muling Pagpapauwi sa mga Biktima ng Trafficking. Ang DFA, sa pakikipag-ugnayan ng DOLE at iba pang mga kinauukulang ahensya, ang siyang may pangunahing responsibilidad upang matiyak ang muling pagpapauwi sa mga taong biktima ng trafficking, maging ang mga biktima man ay documented o hindi.

Subalit kung ang pagpapauwi sa biktima ay maglalagay sa kanila sa mas delikadong sitwasyon, ang DFA ay gagawa ng angkop na representasyon sa host country o sa tinutuluyang bansa para sa ekstensyon ng mga kinakailangang residency permits at proteksyon, kung hanggang kailan ito legal para sa host country

Seksyon 26. Ekstradisyon. Ang DOJ, sa pakikipag-konsultasyon sa DFA, ay magsisikap upang masama ang trafficking in persons sa mga extraditable offenses

Seksyon 27. Pag-uulat. Ang Council ay magbibigay sa Pangulo at sa Kongreso ng isang taunang ulat sa mga polisiya, programa, at mga gawain na may kaugnayan sa pagpapatupad ng Batas na ito.

Seksyon 28. Pondo. Ang mga pinuno ng mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan ay agad na isasama sa kanilang mga programa at magpapalabas ng mga patakaran at

alituntunin para sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Batas na ito, kung saan ang mga pondo para dito ay isasama sa taunang General Appropriations Act.

Seksyon 29. Implementing Rules and Regulations. Ang Council ay gagawa at magpapalabas ng kinakailangang Implementing Rules and Regulations sa loob ng animnapung (60) araw mula sa itinakdang araw na magiging epektibo ang Batas na ito

Seksyon 30. Hindi pagsupil sa Karapatan upang magsalita at magtatag at sumali sa mga Asosasyon, sa Relihiyon, at sa Karapatan na Bumiyahе. Wala sa Batas na ito na maaaring ituring bilang pagsupil sa karapatan upang magsalita, magtatag at sumali sa mga Asosasyon, sa relihiyon, at karapatang bumiyahе para sa mga kadahilanang hindi labag sa mga batas katulad ng garantiya ng Saligang Batas.

Seksyon 31. Separability Clause. Kung sa kahit na anong dahilan ang ilang mga seksyon o probisyon ng Batas na ito ay maituring na labag sa Saligang Batas o walang bisa, ang ibang mga seksyon at mga probisyon ay hindi maapektuhan.

Seksyon 32. Repealing Clause. Ang lahat ng mga batas, Kaatasan ng Pangulo, mga Executive Orders, at iba pang mga patakaran at alituntunin, o ang ilang mga bahagi nito, na sumasalungat sa mga probisyon ng Batas na ito, ay sinususugan upang maging tugma sa Batas na ito. Provided: Ang batas na ito ay hindi maaaring susugan o baguhan ang mga probisyon ng RA 7610.

Seksyon 33. Bisa. Ang Batas na ito ay magkakaroon ng bisa labing limang (15) araw matapos na ito ay mapalabas sa dalawang (2) diyaryo na may pambansang sirkulasyon.

